# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ENERO 4,2019 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:** Wala

x-------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 19-01-004

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI G. PEDRITO "DENNIS" F. ANDRES, PRINCIPAL III, BULALACAO CENTRAL SCHOOL, POBLACION, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

**"SAPAGKAT,** Hunyo 26,1964 isinilang ni Gng. Trinidad Familara Andres, dating Konsehal ng Bayan ng Bulalacao, ang kanilang panglimang anak na lalaki ni G. Senobio M. Andres, Sr. dating Postmaster ng Bayan ng Bulalacao, at pinangalan siyang Pedrito Familara Andres. Si G. Pedrito F. Andres ay nagtapos ng elementarya at sekondarya sa bayan ng Bulalacao. Siya ay nagkolehiyo sa Divine Word College, Calapan City sa kursong Bachelor of Science in Elementary Education taong 1985. Naging kabiyak niya sa buhay si Gng. Ma. Paz Andres at biniyayaan sila ng dalawang anak;

**"SAPAGKAT,** si G. Pedrito F. Andres ng Barangay Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro ay sumakabilang-buhay noong Disyembre 28,2018 sanhi ng malubhang sakit sa edad na limampu't apat (54) na taong gulang;

**"SAPAGKAT,** si G. Andres ay nagsilbi sa Kagawaran ng Edukasyon bilang guro simula taong 1986 - 2007 bilang Teacher I, Teacher II, Teacher III, at Enero 17,2007 ay naging Principal I. Binigyan siya ng pagkilala bilang First Passer of Principalship Examination. Habang siya ay nagtuturo, patuloy niyang pinalawak ang kanyang kaalaman at siya ay nagtapos ng Master of Arts in

Scanned with CamScanner

Development Education taong 2014 at nag-aral din siya ng Doctor of Education, lahat ito ay kinuha niya sa Occidental Mindoro State College. Dahil dito, Pebrero 1,2011siya ay naging Principal II at Disyembre 27,2017 na promote siya sa Principal III, kauna-unahang Principal III ng Elementary School Heads sa bayan ng Bulalacao;

"**SAPAGKAT,** si Sir Dennis na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ay aktibong naglingkod hindi lamang bilang isang guro kundi maging sa komunidad katunayan nito siya ay naging Manager ng Bulalacao Public School Teachers Credit Cooperative at kasapi ng Bulalacao Development Cooperative at iba pang samahan;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagiging ama sa kanyang dalawang anak at asawa ay hindi matatawaran sapagkat sa kabila ng kanyang karamdaman ay masigla siyang nagtatrabaho upang matugunan ang pangngailangan ng kanyang pamilya gayundin ay buong-puso niyang ginampanan ang kanyang sinumpaang tungkulin bilang Principal III ng Bulalacao Central School hanggang sa siya ay igupo ng kanyang sakit;

"**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ni Sir Dennis ay nagdulot ng lungkot at pighati sa kanyang mga anak, apo, pamilya, kamag-anak at mga kaibigan subalit, masaya na ring isipin na siya ay kupkop na ng Mapagpalang Kamay ng Diyos na siyang Maylikha ng lahat at kung saan hindi na niya maramdaman ang hirap na dulot ng kanyang sakit; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa mga naulila ni G. Pedrito "Dennis"F. Andres, Principal III, Bulalacao Central School, Poblacion, Bulalacao, Oriental Mindoro;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Edwin C. Aceron at SB Member Dexter R. Gonzales na pinangalawahan nina SB Member Teresita S. Bantugan at SB Member German S. Acosta, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY**": Enero 4,2019, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>SB Member | **KGG. DENNES M. FANER**<br>SB Member |
| **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>SB Member | **KGG. EDEZER F. ACERON**<br>SB Member |
| **KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**<br>SB Member | **KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**<br>SB Member |

Scanned with CamScanner